The Day Death Died

# Mga Himala sa Libingan ni Jesus

WEEK 2

## WARM-UP

- Ano ang pinaka hindi kapani-paniwalang tanawin na nakita mo?
- Anu-ano ang mga aktibidad ang mas gusto mong gawin nang mag-isa, at anu-ano naman ang gusto mong gawin nang may kasama? Bakit?
- Ano ang nagiging tugon mo kapag nakakarinig ka ng kwento na tila malayo sa katotohanan? Paano mo kinukumpirma ang mga impormasyong hindi ka sigurado?

## WORD

*[6]"Wala na siya rito, dahil nabuhay siyang muli tulad ng sinabi niya sa inyo. Halikayo, tingnan ninyo ang pinaglagyan ng kanyang bangkay." [7]Pagkatapos, sinabi ng anghel sa kanila, "Puntahan n'yo agad ang mga tagasunod niya, at sabihin ninyo sa kanila na nabuhay siyang muli at mauuna siya sa inyo sa Galilea. Doon ninyo siya makikita. Tandaan ninyo ang sinabi ko sa inyo!"* **MATEO 28:6–7**

(Basahin din ang **MATEO 28:1–5, 8–20.**)

Sa ikatlong araw ng Kanyang kamatayan at paglibing, nabuhay si Jesus sa kaganapang kilala bilang muling pagkabuhay. Tulad ng Kanyang kamatayan, may mga mahimalang pangyayari na naganap sa muling pagkabuhay ni Jesus. Sa araw kung kailan natagpuan na ang Kanyang libingan ay walang laman, nagkaroon ng malakas na lindol, isang anghel ang dumating mula sa langit at iginulong ang bato na nakatakip sa libingan, at si Jesus ay nakitang buhay muli (Mateo 28:2, 9).

Ngunit sa huli, ang himala ng muling pagkabuhay ay nagpakita na si Jesus ay mas makapangyarihan kaysa sa kamatayan. Si Jesus mismo ang nagbigay ng propesiya tungkol sa sarili Niyang kamatayan at muling pagkabuhay. Pagkatapos, ibinigay Niya ang Kanyang buhay at binawi rin ito sa sarili Niyang kagustuhan (Juan 10:18). Ang Kanyang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ay naging dahilan

upang ang iba ay muli ring mabuhay mula sa kamatayan. Totoo nga na Siya ang muling pagkabuhay at ang buhay (Juan 11:25). Sa araling ito, makikita natin ang tatlong implikasyon ng muling pagkabuhay ni Jesus.

## 1 Ipinakita ng himala ng muling pagkabuhay ni Jesus na Siya ay karapat-dapat sambahin.

*[9]Pero maya-maya, sinalubong sila ni Jesus sa daan at binati. Lumapit sila kay Jesus, niyakap ang kanyang mga paa at sinamba siya. . . . [17]Nang makita nila si Jesus, sumamba sila sa kanya, kahit na ang ilan ay may pagdududa.* **MATEO 28:9, 17**

Nang nabuhay muli si Jesus, pinatunayan Niya na Siya ang Anak ng Diyos, maging sa mga hindi naniniwala noong una. Pinatunayan din Niya na Siya ay banal, at dahil dito, Siya ay karapat-dapat sambahin. Isang napakagandang pangitain para sa mga tagasunod ni Jesus—ang makita ang nabuhay-muling Tagapagligtas! Ngunit sa kabila ng lahat ng ito, hindi lahat ay naniwala (Mateo 28:17). Ano ang mga bagay na nahihirapan kang paniwalaan? Ano ang gagawin mo kapag nakita mo ang iyong sarili na nagdududa pa rin?

## 2 Ipinakita ng himala ng muling pagkabuhay ni Jesus na nasa Kanya ang lahat ng kapangyarihan at awtoridad.

*Lumapit sa kanila si Jesus at sinabi, “Ibinigay sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa.”* **MATEO 28:18**

Ang muling pagkabuhay ni Jesus ay nagpatunay na ang lahat ng kaharian sa mundo ay inilagay sa ilalim ng Kanyang kapangyarihan at awtoridad. Si Satanas ay tinawag na *hari ng mga espiritung naghahari sa mundo* (Mga Taga-Efeso 2:2), at hawak niya *ang lahat ng kaharian sa mundo* (Mateo 4:8). Ngunit nang muling mabuhay si Jesus, binawi Niya ang kaharian mula kay Satanas upang mapasailalim sa Kanyang pamamahala.

Ano ang sinasabi ng Pahayag 11:15 tungkol sa maghahari sa buong mundo?

## 3 Ang himala ng muling pagkabuhay ni Jesus ay nagtutulak sa atin na humayo at gumawa ng mga disipulo.

*[10]Sinabi sa kanila ni Jesus, "Huwag kayong matakot. Puntahan ninyo ang aking mga kapatid at sabihin sa kanila na pumunta sila sa Galilea. Doon nila ako makikita." . . . [19]"Kaya puntahan ninyo ang lahat ng mga lahi at gawin silang mga tagasunod ko. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. [20]Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan ng mundo."* **MATEO 28:10, 19–20**

Sa huli, binibigyang-diin ng himala ng muling pagkabuhay na ang lahat ng sinabi ni Jesus tungkol sa Kanyang sarili ay totoo—Siya ang Anak ng Diyos, mas dakila kaysa kamatayan, at tanging paraan upang tayo ay maligtas at makaranas ng buhay na walang hanggan. Ang katotohanang ito ang nag-uudyok sa atin na *puntahan ang lahat ng mga lahi at gawin silang mga tagasunod Niya*, upang makilala rin ng iba ang Jesus na kilala natin at maranasan ang buhay na walang hanggan na nais Niyang ibigay sa kanila. Ano ang tugon mo sa kaalamang palagi tayong inaanyayahan ni Jesus na samahan Siya sa Kanyang gawain?

## APPLICATION

- Ano ang ilang praktikal na paraan na maaari mong sambahin at parangalan si Cristo bilang Diyos sa pang-araw-araw mong pamumuhay?
- Naniniwala ka ba na nasa Diyos ang lahat ng kapangyarihan at awtoridad sa lupa at sa langit? Paano dapat makaapekto ang katotohanang ito sa iyong pamumuhay?
- Ano ang isang paraan upang magawa mo ang misyon na inaanyayahan tayo ni Jesus na gawin kasama Niya? Ano ang tamang kaisipan habang ginagawa natin ito?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil si Jesus ay muling nabuhay, na nagpatunay na Siya ang Anak ng Diyos. Ipanalangin na Siya ay patuloy na maghari sa lugar ng pagsamba sa puso mo.
- Ipanalangin na mamuhay ka nang may kaalaman sa ganap na kapangyarihan at awtoridad ng Diyos. Hilingin sa Kanya ang biyaya upang magawa mong magpasakop sa Kanya araw-araw.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng kalakasan at mga pagkakataon upang makapagdisipulo at masunod ang Dakilang Utos.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Ruth Gloria, Madel Vanguardia, Kriscel Wee

victory.org.ph